# BPI-LBNCRDPSC

## VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

## MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

## CORE VALUES

**SPICE IT!**

**S**ervice Orientation. We are proactive and we value our clients.

**P**rofessionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

**I**ntegrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

**C**ommitment. We work with passion and dedication.

**E**xcellence. We produce the best results.

**I**nnovative. We find new solutions.

**T**eamwork. We exercise partnership and camaraderie.


*Inihanda nina:*

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II



Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based Home and Community Gardening


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat sa:


**THE CENTER CHIEF**
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931; 536-0285, 536-6462
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center


Department of Agriculture

**Bureau of Plant Industry**

**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**

# NATURAL NA PARAAN NG PAGKONTROL SA MAPAMINSALANG PESTE NG GULAY



# NATURAL NA PARAAN NG PAGKONTROL SA MAPAMINSALANG PESTE NG GULAY

Isa sa mga pamamaraan upang maprotektahan ang pananim mula sa mapaminsalang insekto ay ang paggamit ng mga halaman o bahagi ng mga halaman na nagtataglay ng amoy o katangian na hindi kanais nais sa mga mapaminsalang insekto. Ilan sa mga halamang ito ang citronella, marigold, chives, sili, alagao, peppermint, spearmint , buto ng guyabano at marami pang iba. Ang mga nabanggit ay maaaring gamitin laban sa mga peste gaya ng aphids (dapulak), leafminers at armyworms (uod). Ang mga ito ay tinatawag na "botanical pesticides". Ito ay idinidilig sa halaman upang mabawasan ang pag-atake ng mapaminsalang insekto sa pananim.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga panaboy insekto na maaaring gamitin

## Ilan sa mga Halaman na Maaaring Gamitin upang Makontrol ang Peste sa mga Tanim na Gulay

| BOTANICAL PESTICIDE | TARGET NA INSEKTO | PARAAN NG PAGHAHANDA |
|---|---|---|
| **Citronella extract**  | Leafminers at mga sucking insects | 1. Pagputul-putulin at i-blend o durugin ang dahon at tangkay ng citronella at ibabad sa isang litrong tubig magdamag bago kunin ang extract<br>2. Ihalo ang nakuhang extract sa tubig na ididilig sa halaman<br><br>Dosage:<br>Ang 15g dahon at tangkay (i-blend o durugin sa 500mL tubig) ay maaring ihalo sa 2L tubig na pandilig sa halaman |

| BOTANICAL PESTICIDE | TARGET NA INSEKTO | PARAAN NG PAGHAHANDA AT PAGGAMIT |
|---|---|---|
| **Siling Maanghang**   | Aphids at iba't-ibang klase ng peste ng pananim | 1. Hiwain ng maliliit ang sili, i-blend o durugin at ibabad isang litro ng tubig magdamag bago kunin aang katas (extract)<br>2. Ihalo ang nakuhang extract sa tubig na ididilig sa halaman(idilig sa umaga o sa hapon kung kailan hindi matindi ang sikat ng araw upang maiwasan ang pagkasunog ng dahon)<br><br>Dosage:<br>10g siling dinurog ay maaring ihalo sa 2L tubig na pandilig sa halaman |
| **Chives extract + vinegar**  | Aphids (Dapulak) | 1.Hiwain ng maliliit ang chives, i-blend o durugin at ihalo sa kalahating litrong suka at dalawang litrong tubig<br>2. Idilig sa halaman ang extract (gawin ang pagdidilig sa hapon at diligan agad kinaumagahan ng susunod na araw upang maiwasan ang pagkasunog ng dahon<br><br>Dosage:<br>(250 g:0.5 L suka:2 L H20) |
| **Guyabano seed extract**  | Chewing insects gaya ng caterpillar , uod | 1. Ibabad ang 70 -100 na buto ng guyabano sa isang litrong tubig magdamag saka i-blend o durugin upang makuha ang katas<br>2. Ihalo ang nakuhang extract sa tubig na ididilig sa halaman<br><br>Dosage:<br>15 na buto na dinurog ay maaaring ihalo s 2L tubig na pandilig sa halaman |

| BOTANICAL PESTICIDE | TARGET NA INSEKTO | PARAAN NG PAGHAHANDA AT PAGGAMIT |
|---|---|---|
| **Citronella + kakawate + Alagao leaves** | White flies<br><br>Mites (hanip) (seed storage) | 1.Ibabad magdamag ang dinurog (blended) na dahon ng citronella, kakawate at alagao sa isang litrong tubig bago katasin<br>2. Ihalo ang nakuhang extract sa tubig na ididilig sa halaman<br><br>Dosage:<br>Ang 15g na dinurog na dahon ng bawat halaman ay maaaring ihalo sa 2L tubig na pandilig sa halaman |

**Note**:

*Maaaring ihalo sa mga extracts ang tinunaw na sabong perla o 10 piraso ng dinurog na gumamela upang magsilbing pandikit (upang hindi agad matanggal ang extract sa halaman)*

*Idilig sa halaman ang mga nabanggit na "botanical pesticide kung kinakailangan at araw-araw kung malubha ang pag-atake*

Maaari ding magtanim ng mga halamang pantaboy sa mga mapaminsalang insekto o pamahayan ng mga kaibigang insekto sa paligid ng mga pangunahing pananim. Ilan sa mga ito ang spearmint, peppermint, chives, citronella, lemon grass, marigold, celosia at marami pang iba.



**spearmint**



**peppermint**



**marigold**



**Palong-manok/ Celosia**



**Lemon grass**




**legumes** **solanaceous** **cucurbits**

Ang pag-iikot ikot ng tanim (crop rotation) ay mabuti ring isagawa upang maiwasan ang pagdami ng mapaminsalang insekto sa taniman. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagtatanim ng salitan ng mga di magkakapamilyang halaman. Panatilihin ding malinis ang taniman upang di puntahan ng daga at iba pang kauri nito

**Reference:**

Bureau of Plant Industry. Organic Crop Protection Guide 2020